7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 3
Aralin
3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 7**
**Kuwarter 3: Aralin 3 (para sa Ikatlong Linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagapagbuo**

Manunulat:
- Joel C. Malabanan, Ph.D (Philippine Normal University - Manila)

Tagasuri:
- Voltaire M. Villanueva, Ph.D (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO/ BAITANG 7/ IKATLONG KUWARTER (ARALIN 3 - para sa Ikatlong Linggo)**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng mga Kastila (Tuluyan at Patula) at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng *brochure* para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang-alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | • **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng pananakop ng Espanya kaugnay ng mga tekstong pampanitikan.**<br>- Natatalakay ang mahahalagang pangyayari sa panitikan sa panahon ng pananakop ng Espanyol.<br>- Nasusuri ang mga tema at paksa na ginamit sa panitikan.<br>- Napahahalagahan ang kasaysayan ng panitikan sa panahon ng pananakop.<br><br>• **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa.**<br>- Natutukoy ang mahahalagang elemento at detalye sa mga akda.<br>- Naipaliliwanag ang mensahe o pahiwatig at kaisipang nakapaloob sa mga akda.<br>- Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng akda batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao.<br>- Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda.<br><br>• **Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika at gamit ng wika sa akda.**<br>- Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, norms, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon. |
| **D. Nilalaman** | • Mga Pangunahing Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Espanya<br>• Dula, Senakulo, Moro-moro, Sarsuwela, Tibag, Flores de Mayo, Santacruzan, Awit at Korido<br>• Mga awit ng rebolusyon laban sa mga Kastila at iba pa<br>• Mga Aral ng Katipunan at ang Kabuluhan nito sa Kasalukuyan |
| **E. Integrasyon** | • Multikultural na Edukasyon<br>• Gamit at Kahalagahan ng Panitikan sa Panahon ng Mga Kastila<br>• Pantayong Pananaw ni Dr. Zeus Salazar |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|


Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7.* (V. M Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.

Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8.* (V. M Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.

Craig, A. (1927). Himagsikan ng mga Pilipino Laban sa mga Kastila. https://www.oocities.org/valkyrie47no/ricarte.htm

Malabanan, Joel C. (2021). Awit sa Pantayong Pananaw. *Youtube.* https://www.youtube.com/watch?v=XfVhxOnW6NA

Ortiz, A. (2017). Ang Kaligirang Kasaysayan ng Koridong Ibong Adarna. https://allanalmosaortiz.wixsite.com/myportfolio/single-post/2017/02/09/ang-kaligirang-kasaysayan-ng-koridong-ibong-adarna

Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8

Philippine Center for Masonic Studies. (2022). Kartilya ng Katipunan. https://www.philippinemasonry.org/kartilya-ng-katipunan.html

Santiago, L. (2007). Mga Panitikan ng Pilipinas. C & E Publishing Inc.

Villanueva, V. M. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House.


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA sa GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>Unang Araw<br>1. Maikling Balik-aral<br>A. GALLEON NG KULTURA: Sa bawat layag ng galleon ay itala ang mga halimbawa ng impluwensiya ng mga Kastila sa kulturang Pilipino<br></td><td>Limang galleon ang unang pinamahalaan ni Ferdinand Magellan nang dumating sila sa ating lupain noong 1521.<br><br>Mula 1565 hanggang 1898 ay naging kolonya ng Espanya ang Pilipinas at sa pamamagitan ng Kalakalang Galleon ay nakarating sa ating mga lupain ang impluwensiya sa ating kultura at pamumuhay<br><br>Ang mga posibleng isagot ng mga mag-aaral ay sa Galleon ng Kultura ay :<br><br>Fiesta, Moro-moro, Senakulo,</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **B. PAMANANG ESPANYOL**<br>Nakatala sa Hanay B ang mga mahahalagang tao at bagay na may kaugnayan sa naging pamana at impluwensiya ng mga Kastila sa kasaysayan ng pagkabuo ng sambayanang Pilipino. Sa hanay A ay makikita naman ang paglalarawan sa tinutukoy na ambag ng mga Kastila. Pagtapatin ang Hanay A at Hanay B sa pamamagitan ng pagsulat ng wastong titik sa patlang sa unahan ng bilang.<br>***(Tingnan ang pahina 4-5 ng Sagutang Papel)*** | Flores de Mayo, Simbang Gabi, Pasyon, Abecedario, Kristiyanismo, Apelyidong Kastila, at marami pang iba.<br><br>Mga Kasagutan:<br>1. K<br>2. D<br>3. O<br>4. H<br>5. M<br>6. C<br>7. J<br>8. G<br>9. F<br>10. I<br>11. A<br>12. E<br>13. O<br>14. L<br>15. N |
| **2. Paglalahad ng Layunin** | **Ikalawang Araw**<br>**1.Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>“Ang hindi lumingon sa pinanggalingan, ay maliligaw sa paroroonan”. Mahalagang mabalikan ang nakaraan upang maunawaan ang kasalukuyan. At ang Panitikan ay nagsisilbing dokumentasyon ng mga naganap sa ating bansa sa panahon ng pananakop ng mga Kastila. Sa pag-unawa sa nakaraan ay nakikita natin ang kaugnayan ng nakaraan sa kasalukuyan at napaghahandaan ang hinaharap. Ang mga suliraning kinakaharap natin sa kasalukuyan ay may tuwirang kaugnayan sa mga naging suliranin ng mga ninuno natin. Halimbawa, ang mga magsasakang inagawan ng lupa ng mga prayle sa panahon ng mga Espanyol ay nag-aklas sa maraming pagkakataon hanggang sa pagkabuo ng Katipunan noong Hulyo 7, 1892. Ang paglalantad ni Dr. Jose Rizal ng kanser sa lipunan partikular ang pagsasamantala ng mga prayle at ng gobyerno sa lipunan sa pamamagitan ng mga nobela niyang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ay nagdulot ng kaniyang kamatayan at paglakas ng rebolusyon laban sa mga | |

| | | |
|---|---|---|
| | Kastila.<br><br>Sa kasalukuyan, anong halimbawa ng suliraning panlipunan ang nangangailangan ng solusyon? Paano isasagawa ang solusyon? Isulat sa patlang ang iyong sagot:<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>1. **Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**A. PAGBIBIGAY-LINAW:** Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod batay sa pagkakagamit sa sanaysay ni Emilio Jacinto:<br>***(Tingnan ang ika-IV sa pahina 6 ng Sagutang Papel)***<br><br>**B. LAHAD-DIWA:** Anong mahalagang paksa ang inilalahad ng akda at nagbibigay ng paglalarawan sa katangian ng panitikan sa Panahon ng Himagsikan? Ipaliwanag.<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ | |
| | **Ang Ningning at ang Liwanag**<br>*ni: Emilio Jacinto*<br><br>Ang ningning at liwanag ay nakasisira ng paningin. Ang liwanag ay kinakailangan ng mata, upang mapagwari ang buong katunayan ng mga bagay-bagay. Ang bubog kung tinatamaan ng nag-aapoy na sikat ng araw ay nagniningning; ngunit sumusugat sa kamay ng nagaganyak na dumampot.<br><br>Ang ningning ay maraya. Ating hanapin ang liwanag, tayo'y huwag mabighani sa ningning. Sa katunayan ng masamang naugalian. Nagdaraan ang isang karwaheng maningning na hinihila ng kabayong matulin? Tayo'y magpupugay at ang isasaloob | Mahalagang matalakay ng guro kung papaanong ang relihiyon ay nagagamit bilang instrumento ng pagsasamantala ng mga prayle noong panahon ng pananakop ng mga Kastila.<br><br>Bilang Utak ng Katipunan, papaano kaya ginampanan ni Emilio Jacinto ang kanyang |

| | | |
|---|---|---|
| | ay mahal na tao ang nakalulan. Datapwa'y marahil naman isang magnanakaw; marahil sa ilalim ng kaniyang ipinatatanghal na kamahalan at mga hiyas na tinataglay ay natatago ang isang pusong sukaban.<br><br>Nagdaraan ang isang maralita na nagkakanghirap sa pinapasan? Tayo'y mapapangiti at isasaloob: Saan kaya ninakaw? Datapwa'y maliwanag nating nakikita sa pawis ng kaniyang noo at sa hapo ng kaniyang katawan na siya'y nabubuhay sa sipag at kapagalang tunay. Ay! Sa ating pang-uga-ugali ay lubhang nangapit ang pagsamba sa ningning at pagtakwil sa liwanag.<br><br>Ito na nga ang dahilang isa pa na kung kaya ang tao at ang mga nayon ay namumuhay sa hinagpis at dalita. Ito na nga ang dahilan na kung kaya ang mga loob na inaakay ng kapalaluan at ng kasakiman ay nagpupumilit na lumitaw na maningning, lalong-lalo na ang mga hari at mga Pinuno na pinagkakatiwalaan ng sa ikagiginhawa ng kanilang mga kampon, at walang ibang nasa kundi ang mamalagi sa kapangyarihang sukdang ikanais at ikamatay ng Bayan na nagbigay sa kanila ng kapangyarihang ito.<br><br>Tayo'y mapagsampalataya sa ningning; huwag nating pagtakhan na ang ibig mabuhay sa dugo ng ating mga ugat ay magbalatkayo ng maningning. Ay! Kung ang ating dinudulugan at hinahinain ng puspos na galang ay ang maliwanag at magandang asal at matapat na loob, ang kahit sino ay walang magpapaningning pagkat di natin pahahalagahan, at ang mga isip at akalang ano pa man ay hindi hihiwalay sa maliwanag na banal na landas na katwiran.<br><br>Ang kaliluhan at ang katampalasan ay humahanap ng ningning upang huwag magpamalas ng mga matang tumatanghal ang kanilang kapangitan; ngunit ang kagalingan at ang pag-ibig na dalisay ay hubad, mahinhin, at maliwanag na napapatanaw sa paningin.<br><br>Ang lumipas na pinapanginoon ng Tagalog ay labis na nagpapatunay ng katotohanan nito. Mapalad ang araw ng liwanag! Ay! Ang Anak ng Bayan, ang kapatid ko, ay matututo kaya na kumuhang halimbawa at lakas sa pinagdaanang mga hirap at binatang mga kaapihan? | tungkulin? Ano ang ipinahihiwatig ng kaniyang akda tungkol sa kalagayan ng Pilipinas?<br><br>Malaya ang mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang halimbawa basta at may basehan sa kasaysayan at sa kasalukuyan ang kanilang sagot. Sa pamamagitan ng pagkukumpara ay nagagamit nila ng kritikal na pag-iisip upang magsuri sa kasaysayan at kasalukuyan. |

**C. PAGLALAGOM:** Gumawa ng kongkretong paglalahad ng mga kaganapan sa bansa. Batay sa mga bahagi ng sanaysay ni Emilio Jacinto. Isulat sa kahon ang sagot.

| **Pahayag Mula sa Sanaysay** | **Pangyayari sa Panahon ng mga Kastila** | **Pangyayari sa Kasalukuyan** |
|---|---|---|
| 1. Ang ningning ay maraya. | ____________<br>____________<br>____________<br>____________ | ____________<br>____________<br>____________<br>____________ |
| 2. Tayo'y mapagsampalataya sa ningning. | ____________<br>____________<br>____________<br>____________ | ____________<br>____________<br>____________<br>____________ |
| 3. Ang kaliluhan at ang katampalasan ay humahanap ng ningning upang huwag magpamalas ng mga matang tumatanghal ang kanilang kapangitan. | ____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________ | ____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________ |

**3. Paglinang at Pagpapalalim**

**Ikatlong Araw**

Ang bahaging ito ay nakatuton sa paglinang ng pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa konseptong sakop ng aralin. Nakapaloob sa bahaging ito ang pagproseso ng pag-unawa sa aralin (lunsaran),

paglinang ng konsepto, at halimbawang pagsasanay o gawain. Ang mga hakbang ay pagtatangka upang maunawaan ang aralin sa pamamagitan ng pagkatuto ng mga konsepto at mga gawain sa mga pagsasanay. Ang prosesong ito ay maaaring magkaiba-iba depende sa ano ang natutuhan at nagawa ng mga mag-aaral. Maaari ring maglaman ang bahaging ito ng mga kaugnay na paksa batay sa nakalaang oras upang matiyak ang ugnayan at pag-unlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

*Iba Pang Anyo ng Panitikan sa Panahon ng mga Kastila*

Halos lahat ng panitikan sa panahon ng mga Kastila ay nakatuon sa pagpapalaganap ng relihiyong Kristiyanismo. Ang mga dula tulad ng **Senakulo** at Moro-moro ay may kinalaman sa pananampalataya. Matutunghayan sa Senakulo ang buhay at kamatayan ni Kristo sa krus at kalimitang itinatanghal ito tuwing Mahal na Araw. Sa mga kapistahan naman kalimitang ipinapakita ang **Moro-moro** na nagtatampok ng tagumpay ng mga Kristiyano na lupigin ang mga Moro. Isa itong propaganda ng Simbahang Katoliko upang ipakita ang kapangyarihan at superyoridad ng pananampalatayang Kristiyano.

Samantala, ang **Flores de Mayo** ay ginagawa upang dakilain ang Birheng Maria sa buong buwan ng Mayo sa pamamagitan ng pag-aalay ng bulaklak at prusisyon. ~~.~~Ginagawa naman ang **Santacruzan** sa huling araw ng Mayo bilang paggunita sa pagkilala ni *Constantine the Great* sa Kristiyanismo bilang *state religion* ng Roman Empire noong ika-300 AD. Sa kasalukuyan ay nagiging animo *beauty pageant* ito na kinatatampukan ng pagparada ng mga naggagandahang dalaga at nagkikisigang binata. May isang dulang tinatawag na **Tibag** na ginagawa sa na sa Nueva Ecija, Bataan, Bulacan, Rizal, at Bicol na ang paksa ay ang paghahanap ni Sta. Elena sa mahal na krus na pinagpakuan at kinamatayan ni Kristo. Bahagi rin ng sinaunang Teatro noong panahon ng mga Kastila ang **Sarsuwela** na kinatatampukan ng mga dulang may salitan ng pag-awit, drama, o katatawanan.

Sa panulaan ay lumaganap noong ika-17 siglo ang Koridong Ibong Adarna na tumatalakay sa paghahanap ni Don Juan sa Ibong Adarna na ang awit ay

Ikaapat na Araw

Bagamat tatalakayin din sa klase ang Ibong Adarna sa

lunas sa karamdaman ng ama niyang si Haring Fernando. Ang estruktura ng **Korido** ay tulang may tigwawalong pantig bawat taludtod. Ang salitang Korido ay galing sa salitang Mehikanong "corridor" na nangangahulugang "kasalukuyang pangyayari", ang Mehikanong salitang "corridor" ay mula naman sa Kastilang "occurido". Ito'y isang anyo ng tulang romansa na naglalarawan ng pakikipagsapalaran sa buhay ng mga kababalaghan at pantasya, nagpapamalas ng kagitingan, kabayanihan, at pagkamaginoo (Ortiz, 2017). Narito ang ilang piling saknong ng Ibong Adarna:

Saknong 20
Alam niyang itong tao
Kahit puno't maginoo
Kapag hungkag din ang ulo
Batong agnas sa palasyo!

Saknong 29
Ngunit itong ating buhay
Talinhagang di malaman
Matulog ka nang mahusay
Magigising nang may
lumbay

Saknong 185
Sa Diyos dapat manawagan
Itong lahat ng nilalang
Ang sa mundo ay pumanaw
Tadhana ng kapalaran.

Saknong 242
Datapuwa't sa dahilang
Ang tao'y may kahinaan
Ayaw man sa kasamaa'y
Nalihis sa kabutihan.

Saknong 295
Lahat dito'y pasaliwa
Walang hindi balintuna
Ang mabuti ay masama't
Ang masama ay dakila!

Saknong 316
Diyos nga'y di natutulog
At ang tao'y sinusubok
Ang salari'y sinusunog
Ang banal ay kinukupkop.

Saknong 612
Pipitasin ang bulaklak
Sa tangkay na nag-iingat
Mahal habang di pa kupas
Pag nalanta ay sa layak!

Saknong 1374
Kabataan palibhasa
Pag-ibig ay batang-bata
Sa apoy ng bawat nasa'y
Hinahamak pati luha

Ilan lamang ang mga nabanggit sa halimbawa ng mahahalagang saknong mula sa Ibong Adarna na sumasalamin sa paniniwalang umiiral sa Pilipinas sa panahon ng pananakop ng mga Kastila. Isa pang anyo ng panulaan ay ang **Awit** na binubuo naman ng tiglalabindalawang pantig bawat taludtod. Ang pinakasikat na awit na nalathala noong 1838 ay ang **Florante at Laura** na sinulat ni Francisco Balagtas, ang kinikilalang **Ama ng Panulaang Tagalog.** Kung tutuusin ay tulad ito ng Moro-moro na nagpapakita ng labanan ng Kristiyanong si Florante laban sa Muslim na si Aladin. Sa kabila ng pagkakaiba

Ikaapat na Markahan, makatutulong na rin kung may panimulang pagtalakay na ang guro tungkol dito sa Ikatlong Markahan pa lamang.

Panukalang ipasuri sa mga mag-aaral ang mensahe ng bawat saknong upang mapalutang ang kontekstong nais ipahayag ng bawat saknong.

ng pananampalataya ay magiging magkaibigan sina Florante at Aladin ganoon din ang mga kasintahan nilang sina Laura at Flerida. Ilan sa mga piling saknong ng Florante at Laura ay ang mga sumusunod:

Saknong 14
Sa loob at labas
ng bayan kong
sawi
Kaliluha'y siyang
nangyayaring hari
Kagalinga't bait
ay nalulugami
Ininis sa hukay
ng dusa't pighati

Saknong 19
O taksil na pita't
sa yama'y mataas
O hangad sa
puring hanging
lumilipas
Ikaw ang dahilan
ng kasam-ang
lahat
At niring nasapit
na kahabag-
habag!

Saknong 24
Datapuwa't sino
ang tatarok kaya?
Sa mahal Mong
lihim, Diyos na
dakila
Walang
mangyayaring sa
balat ng lupa
Di may
kagalingang Iyong
ninanasa.

Saknong 80
"O pagsintang
labis ang
kapangyarihan
Sampung mag-
aama'y iyong
nasasaklaw
Pag ikaw ay
nasok sa puso
ninuman
Hahamaking
lahat masunod ka
lamang."

Saknong 197
"Pag-ibig anaki'y
aking nakilala,
Di dapat palakhin
ang bata sa saya;
At sa katuwaa'y
kapag namihasa,
Kung lumaki'y
walang hihinting
ginhawa.

Saknong 202
"Ang laki sa layaw
karaniwa'y hubad
Sa bait at muni't
sa hatol ay salat;
Masaklap na
bunga ng maling
paglingap,
Habag ng
magulang sa irog
na anak.

Saknong 246
Kung ang
isalubong sa
iyong pagdating
Ay masayang
mukha't may
pakitang giliw
Lalong pag-
ingata't kaaway
na lihim
Siyang isaisip na
kakabakahin.

**D. Paglalahat**

**Mga Elementong Panlingguwistika at Gamit ng Wika sa akda**

1. Pormal na Gamit ng Wika – sapagkat ang mga unang paksa ng panitikan noong panahon ng mga Kastila ay panrelihiyon, mapupuna na seryoso at pormal ang gamit ng wika sa mga Pasyon, Ibong Adarna at Florante at Laura. *Didactic* o waring palaging nangangaral ang estilo ng manunulat.

2. Simbolong Nakapaloob – nakatuon ang mga akda sa pagbibigay ng pagpapahalaga sa kabutihang loob at pananampalataya sa Diyos. Ano~~u~~mang pagsubok nina Don Juan ay malalampasan at ang kasamaan ay di magtatagumpay at matatalo ng kabutihan.

3. Atake sa Wika – ang paggamit ng wika noong ika-17 at ika-18 siglo ay

| | | |
|---|---|---|
| | lubhang iba sa kasalukuyan. Marami sa mga salitang Tagalog noon ang hindi na ginagamit o madalang nang marinig sa kasalukuyan. Ganun pa man, kaya pa ring unawain ng mga mambabasa sa ngayon ang mensahe ng akda sa pamamagitan ng pagsusuri sa konteksto.<br><br>**Ang Ebolusyon ng mga Paksa ng Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng mga Kastila**<br>Mula sa paksang panrelihiyon na humubog sa kamalayan ng ating mga ninuno ay nalantad pa rin ang katotohanang ang Pilipinas bilang sakop ng Espanya ay hindi malaya. Ang mga ritwal at palabas tulad ng Senakulo, Flores de Mayo, Moro-moro at marami pang iba ay hindi sapat upang pagtakpan ang paghihirap ng mga Pilipinong nakakaranas ng pagsasamantala mula sa mga prayle at mga tagapagpatupad ng batas.<br>Lumilitaw na ang Florante at Laura ay ang may malaking impluwensiya kina Dr. Jose Rizal na dalawang ulit ginamit ang mga saknong ni Balagtas sa nobela niyang Noli Me Tangere at kay Andres Bonifacio na ang estilo ng pagtula ay di nalalayo sa estilo ni Balagtas. Sa panahong umuusbong ang paghahangad ng Kalayaan, ang Albanya sa Florante at Laura ay naging paglalarawan ng Pilipinas at ang mga makabuluhang saknong ni Balagtas ay nagsilbing basehan kung papaano dapat palakihin ang anak (saknong 197-203) at kung bakit ang isang bansang alipin ay dapat ipaglaban (saknong 14-19). Nakapag-ambag ang Florante at Laura sa paghubog ng pananaw ng mga Pilipinong dapat maghangad ng mas mahusay na pamamalakad mula sa gobyernong Kastila at nang di makamit ay nagluwal ng himagsikang 1896. | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Ikaapat na Araw**<br>Ang bahaging ito ay pagtataya sa pag-unawa sa nilalaman at naipamalas na kasanayan ng mga mag-aaral. Nakapaloob dito ang mga gawain para sukatin at tasahin ang nakapaloob sa proseso sa aralin. Ang iba't ibang panukat sa anyo ng pagsusulit o pagtatayang pangklasrum ay posibleng gamitin. Maaaring maging opsiyonal ang pagbibigay ng gawaing pantahanan o takdang aralin.<br><br>**1. Pagsusulit**<br>**A. Pagtatambal:** Suriin kung papaano ginamit ang mga sumusunod na salita sa mga piling saknong ng Ibong Adarna at Florante at Laura. Pagkatapos ay hanapin sa Hanay B ang pinakamalapit na kasingkahulugan. Isulat ang titik ng sagot sa patlang.<br>***(Tingnan ang ang ika-IV sa pahina 9 ng Sagutang Papel)***<br><br>**B. Pagbibigay-Linaw:** Liwanagin sa pamamagitan ng sariling mga salita ang kahulugan ng mga sumusunod na piling saknong ng Ibong Adarna at Florante at Laura. Sagutin sa pamamagitan nang hindi bababa sa tatlong (3 pangungusap).<br>***(Tingnan ang ang ika-IV sa pahina 10-11 ng Sagutang Papel)***<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Magsaliksik tungkol sa Sarsuwela sa panahon ng mga Kastila. Ikumpara ang mga paksa at paraan ng pagtatanghal ng mga noontime shows at teleserye sa kasalukuyan sa panitikang itinatanghal noong Panahon ng mga Kastila. Sumulat ng isang makabuluhang sanaysay na hindi bababa sa sampung pangungusap.<br>***(Tingnan ang ang ika-IV sa pahina 12 ng Sagutang Papel)*** | Mga Kasagutan:<br>1. G<br>2. I<br>3. N<br>4. K<br>5. A<br>6. O<br>7. L<br>8. B<br>9. P<br>10. D<br>11. M<br>12. E<br>13. F<br>14. J<br>15. H<br><br>Masususkat ang kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa paksang natalakay kung magagawa nilang ikumpara sa kasalukuyang panahon ang kalagayan ng Panitikan noong Panahon ng Pananakop ng mga Kastila.<br><br>Ang lalim at lawak ng malilikhang sanaysay ng mga mag-aaral ang magtatakda ng lalim at pag-unawa nila sa paksa. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **B. Pagbuo ng Anotasyon**<br>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay**<br>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto* | | | |

| | | |
|---|---|---|
| pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. | *ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br><br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |